## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Sinasabing mga relihiyosong tao ang mga Pilipino. Alam mo bang Kristiyano ang karamihan sa mga Pilipino? Marami sa mga Kristiyanong paniniwala at kagawian ang naging bahagi na ng kulturang Pilipino. Subalit hindi lamang Kristiyanismo ang relihiyon sa Pilipinas. Mayroon ka bang mga nalalaman tungkol sa ibang relihiyong ito? Marahil, may mga kapitbahay ka't kaibigan na kabilang sa ibang relihiyon. Ano ang pakiramdam mo tungkol sa kanila?

Ipakikilala ng modyul na ito ang mahahalagang paniniwala at kaugalian ng mga taong kabilang sa iba't ibang relihiyon. Tuturuan ka rin kung paanong mamuhay nang matiwasay kasama ang mga taong ito sa kabila ng kaibahan sa paniniwala upang magkaroon ng mapayapang pamayanan, bansa at daigdig. Nahahati sa dalawang aralin ang modyul na ito:

Aralin 1 – *Mga Relihiyon sa Buong Daigdig*

Aralin 2 – *Mga Taong May Iba't Ibang Pananampalataya*

## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, makakaya mo nang:

- tukuyin ang pinagmulan ng mga pangunahing relihiyon sa daigdig;
- tukuyin ang mahahalagang turo, paniniwala at kaugalian ng mga pangunahing relihiyon sa daigdig;
- ipakita ang tamang saloobin tungkol sa mga taong may ibang relihiyon; at
- ipakita ang pagpaparaya sa ibang relihiyon.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Isulat sa patlang ang **T** kung tama ang pangungusap, at **M** naman kung mali.

______ 1. Sumasampalataya kay Mohammed ang mga Muslim.

______ 2. Sumasampalataya kay Buddha ang mga Buddhist.

______ 3. Naniniwala ang mga Hindu hindi lamang sa isang makapangyarihang nilalang, kundi sa marami.

______ 4. Kay Hesukristo lamang sumasampalaya ang mga Kristiyano.

______ 5. Gumagamit ng magkakatulad na bibliya ang mga Hudyo, Muslim at Kristiyano.

______ 6. Dapat igalang ng isang tao ang mga paniniwalang panrelihiyon ng ibang tao.

______ 7. Hindi dapat papasukin ang mga miyembro ng ibang relihiyon sa iyong komunidad o pinagtatrabahuhan.

______ 8. Kadalasang nagdudulot ng labanan at hidwaan ang mga pagkakaiba sa relihiyon.

______ 9. May mali sa paraan ng pagtanggap ng ibang tao tungkol sa paniniwalang panrelihiyon ng ibang tao.

______ 10. May personal at panlipunang aspeto ang relihiyon.

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 35. Kung tama ang karamihan ng iyong sagot, basahin ang modyul na ito upang maragdagan ang iyong kaalaman. Kung mayroon kang kaunti o walang tamang sagot, kailangan mong pag-aralang mabuti ang modyul na ito.

Bago magpatuloy, sagutin mo ang mga tanong na ito:

1. Naniniwala ka bang maglalagay sa iyo sa impluwensiya ng kasamaan ang pag-aaral tungkol sa ibang relihiyon?________________________

2. Naniniwala ka bang sisira sa iyong pananampalataya ang pag-aaral ng ibang relihiyon? ___________________________

3. Magagalit o sasama ba ang loob mo kung makababasa ng tungkol sa mga paniniwalang kaiba ng sa iyo? _________________________

Kung *oo* ang sagot mo sa kanilang tanong sa itaas, maaaring hindi para sa iyo ang modyul na ito. Gayunpaman, kung kaya mong isaisang-tabi ang mga negatibong palagay tungkol sa ibang relihiyon at magkaroon ng malawak na pananaw habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito, maaari kang magpatuloy sa pagbabasa. Pagbutihan mo!

# Mga Relihiyon sa Buong Daigdig

Sa palagay mo ba'y ang relihiyon mo lamang ang tunay na relihiyon? Maaari nga, ngunit sapat ba ang kaalaman mo tungkol sa iba't ibang relihiyon upang masabi mong tama o mali, totoo o hindi ang mga ito? Marahil, mayroon kang mga palagay tungkol sa ibang relihiyon na hindi totoo.

Matapos pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang tukuyin ang iba't ibang relihiyon sa daigdig. Kaya mo na ring ilarawan ang mga pinagmulan, mga paniniwala, mga kaugalian at bilang ng mga nananampalataya ng mga ito.

## PAALALA!!!

**Maaaring maglaman ang susunod na pahina ng mga ideya at paniniwalang iba sa iyo. Kung maaari, isaisang-tabi muna ang anumang palagay mo habang pinag-aaralan ang araling ito. Magkaroon ng malawak na isipan. Ito naman ay para lamang sa iyong pag-aaral. Makakaya mo ba ito? Kung kaya mo, magaling! Magpatuloy na tayo.**



## Subukan Natin Ito

Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba at ang mga paniniwalang nasa loob ng mga kahon. Iugnay ang mga pangungusap sa mga tamang tagapagsalita sa pamamagitan ng pagguhit ng mga linya.



**Buddhist**

Nilikha ni Allah ang lahat ng bagay sa daigdig at siya lamang ang gabay ng sangkatauhan. Kung susunod ka sa kagustuhan ng Panginoon, gagantimpalaan ka niya sa kabilang buhay.



**Kristiyano**

Si Brahman ang kataas-taasang espiritu ng sansinukob. Ang iyong mga gawain sa buhay na ito ang magtatakda ng iyong kalalagyan sa susunod na buhay.




**Hudyo o Jew**

Si Hesus ang anak ng nag-iisa at walang kamatayang Diyos. Maaaring mailigtas ang sangkatauhan sa pamamagitan ng pananampalataya, dahil sa muling pagkabuhay ni Hesukristo.



**Muslim**


Si Yahweh ang nag-iisang tunay na Diyos. Siya ang gumawa, ang gumagawa at gagawa ng lahat. Mabuhay nang naaayon sa kanyang banal na kagustuhan na nakasaad sa Torah.



**Hindu**

Abutin ang liwanag at kalayaan mula sa kamangmangan, pagnanais at pagdurusa sa pamamagitan ng pagninilaynilay at pagbabalik-buhay (reincarnation). Umasa sa iyong sarili upang makamtan ang liwanag.

Ano ang iyong napansin tungkol sa mga pangungusap? May mga nakita ka bang pagkakatulad at pagkakaiba sa mga paniniwalang ito? Natukoy mo ba nang tama ang bawat paniniwala? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 36.




## Alamin Natin

Maraming relihiyon sa buong daigdig. Marahil, sindami ng iba't ibang uri ng taong may iba't ibang kultura. Ngunit tatalakayin lamang natin ang tungkol sa limang pangunahing relihiyon: Kristiyanismo, Islam, Hinduismo, Budismo, at Judaismo. May mga taga sunod ang mga relihiyon na ito sa iba't ibang sulok ng daigdig, hindi lamang sa partikular na lahi o nasyonalidad. Kung kaya tinatawag ang mga itong mga **pangkalahatang relihiyon.**

### Kristiyanismo

Ang Kristiyanismo ang pinakamalaki at pinakalaganap na relihiyon sa buong daigdig. Tinatayang 33% ng populasyon ng daigdig ang nagpapalagay sa sarili bilang mga Kristiyano.





Sumusunod sa mga turo at kuwento tungkol kay **Hesukristo** ang mga Kristiyano. Si **Hesus (Jesus)** ay isang Hudyo na nabuhay noong unang siglo A.D o P.K. (Panahon ni Kristo). Matatagpuan sa **Bagong Tipan** ang kuwento tungkol sa buhay ni **Hesus** at pati na rin ang kanyang mga itinuro. Ang **Bagong Tipan** kasama ang **Lumang Tipan** ang bumubuo ng **Bibliya.** Ang librong ito ang batayan ng halos lahat ng mga paniniwala at kaugaliang Kristiyano.



Hesukristo o Jesus Christ

Nagsimula bilang isang sektang Hudyo ang Kristiyanismo. Pagkatapos mamatay ni Hesus, ipinahayag ng kanyang mga tagasunod o mga disiplo ang kanyang mga turo. Noong ika apat na siglo A.D., ang Kristiyanismo ang naging opisyal na relihiyon ng imperyong Romano. Mula dito, nagsimula na itong kumalat sa maraming bahagi ng daigdig.

Dito nabuo ang tatlong pangunahing grupo ng mga Kristiyano: ang Romano Katolikong simbahan, mga simbahang Eastern Orthodox at mga Protestanteng simbahan. Bumuo ng magkakaibang paniniwala at kaugalian ang iba't ibang grupong ito, ngunit lahat ay naniniwala sa mga turo ni Kristo, ayon sa nakatala sa Bagong Tipan. Ngunit ang mga ito ay mayroon iisang paniniwala tungkol sa mga turo ni Kristo, kung paano man ito nakasulat sa Bagong Tipan.

Maibubuod sa dalawang utos ang mga turo ni Hesus:

> "Mahalin mo ang Diyos nang higit sa lahat."
>
> "Mahalin mo ang iyong kapwa katulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili."

Naniniwala ang karamihan sa mga Kristiyano na:

- Nilikha ng Diyos ang sansinukob at ang unang lalaki at babae na sina Adan at Eba.
- Tinukso ni Satanas sina Adan at Eba na huwag sundin ang ipinag-uutos ng Diyos. Ang paglabag na ito ang nagdulot ng kasalanan sa mundo. Minana ng sangkatauhan ang kasalanang ito, at tinatawag na "unang kasalanan."
- Si Hesus ang nag-iisang anak ng Diyos na nagkatawang tao upang iligtas tayo sa kasalanan. Naniniwala ang ibang grupo na dahil anak siya ng Diyos, Diyos din siya. Nagsasabi naman ang iba na isa lamang siyang magaling na guro.
- Ang mga grupong naniniwalang Diyos si Hesus ay naniniwala sa konsepto ng Tatlong Persona. Naniniwala silang mayroon lamang isang Diyos, na kinakatawan ng tatlong persona: ang Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo.
- Naniniwala ang halos lahat ng Kristiyano na may kaligtasan. Umaayon silang may buhay na walang hanggan ang bawat isa. Matapos ang pagkamatay ng katawan, pupunta sa langit ang kaluluwa ng isang tao upang makasama ang Diyos. Kung hindi maililigtas sa kasalanan ang isang tao, kukunin ng demonyo ang kanyang kaluluwa at susunugin nang walang hanggan sa apoy ng impiyerno. Naniniwala ang karamihan ng grupo na makakamit ang kaligtasan sa pamamagitan sa pagsisisi sa kasalanan, pagtanggap kay Hesus bilang kanyang Panginoon at Tagapagligtas, at pakikipagkasundo sa Diyos.
- **Muling nabuhay (resurrection)** si Hesus, at babalik muli pagdating ng katapusan ng daigdig. Tinatawag itong **Pangalawang Pagbabalik ni Kristo.** Sa panahong iyon, muli ring mabubuhay ang lahat ng Kristiyanong nailigtas na namatay na. Sasama sila, at ang iba pang nabubuhay na Kristiyano kay Hesus at mabubuhay nang walang hanggan.

Humihigit sa 1, 700,000,000 o 1.7 bilyon ang bilang ng mga Kristiyano ngayon. Binubuo nila ang 33% ng buong populasyon ng daigdig. Mayroon nang higit pa sa 22,000 hiwa-hiwalay na simbahan, sekta at denominasyong Kristiyano sa buong daigdig. May magkakaibang paniniwala tungkol sa mga turo ni Kristo ang marami sa mga grupong ito.

**Alam mo ba na . . .**

Ang Pilipinas ang kaisa-isang bansang Kristiyano sa buong Asya? Romano Katoliko ang mahigit sa 86% ng populasyon ng Pilipinas. Ang natitira ay mga Muslim, mga Protestante, mga Aglipayano o miyembro ng Philippine Independent Church, o mga kabilang sa sektang Iglesia ni Kristo. Mayroon ding mga Budista at animista, ngunit kakaunti lamang ang bilang ng mga ito.




## Magbalik-aral Tayo

Sagutin mo ang simpleng pagsusulit na ito upang malaman kung naintindihan mo ang naunang bahagi. Punan ang bawat patlang sa pamamagitan ng pagpili ng tamang salita o parirala mula sa kahon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1.7 bilyon | Diyos | Tatlong Persona | Bagong Tipan |
| 22,000 | Ama | tatlo | Adan |
| Eba | Indonesia | apat | Pilipinas |
| Hesus | Abraham | unang kasalanan | resurrection |


1. Nilalaman ng ____________________ ang kuwento at mga turo ni Hesus.
2. Sina ________________ at _____________ ang mga unang taong nilikha.
3. Mayroong mga __________________ bilang ng Kristiyano sa buong daigdig.
4. Ang _________________ lamang ang nag-iisang bansang Kristiyano sa Asya.
5. Mayroong ________________ pangunahing grupo ng Kristiyano.
6. Tinatawag na ____________ ang paglabag nina Adan at Eba sa Utos ng Diyos.
7. Binubuo ng Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo ang __________________________.
8. Ang _____________________ ay ang muling pagkabuhay ni Hesukristo.
9. Isang Hudyo noong unang siglo A.D. na nagturo ng mga gabay para sa Kristiyanong pamumuhay si __________________________.
10. Itinuturo ni Hesus na dapat natin mahalin ang ________________________ nang higit sa lahat.

Tapos ka na ba? Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37.



## Alamin Natin

**Islam**



Ang Islam ang pinakabata sa mga pangunahing relihiyon sa buong daigdig. Pinaniniwalaang naitatag ito noong 600 A.D., kung kailan binasa ng anghel na si Jibreel (Gabriel) ang unang pagpapahayag kay propetang Mohammed. Gayunman, naniniwala ang marami sa mga tagasunod nito na mayroon na ang Islam bago pa isinilang si Mohammed. Pinaniniwalaang naririto na ito paglikha ng mundo. Itinuturing na mga propeta ng Islam sina Adan (ang unang lalaki), Ibrahim (Abraham) at Isa (Hesus) bago si Mohammed. Ang papel ni Mohammed bilang pinakahuling propeta ay upang itatag, liwanagin at linisin ang pananampalataya sa pamamagitan ng pag-alis ng mga dayuhang ideya na maling naidagdag.

Tinatawag na Muslim ang mga tagasunod ng Islam. Ang Muslim ay isang salitang Arabo na tumutukoy sa isang tao na sumasailalim sa **Kagustuhan ng Diyos.**



## Pag-isipan Natin Ito

> Tinatawag ding mga Moslem ang mga Muslim. Ngunit alam mo ba na kadalasang napagkakamalang salitang Arabo ang Moslem na nangangahulugang “maniniil?” Kaya higit na gusto ng mga Muslim na huwag silang tawagin sa ganitong pangalan.

Maraming tao ang nag-iisip na sumasampalataya kay Mohammed ang mga Muslim, ngunit hindi ito totoo. Kinikilala lamang siya bilang dakilang propeta. Sumasampalata sila kay Allah. Ang *Allah* ay isang salitang Arabo na nangangahulugang “ang Nag-iisang Tunay na Diyos.”

Nakasaad sa **Koran (Qur’an)** ang banal na aklat ng mga Muslim ang mga salita at utos ni Allah. Kailangang mahigpit na sumunod sa mga batas na ito ang bawat Muslim kung gusto niyang marating ang Paraiso, isang lugar na may pisikal at espirituwal na kaligayahan, matapos siyang mamatay. Pinaniniwalaang pupunta sa impiyerno ang mga hindi naniniwala at makasalanan, kung saan sila masusunog habambuhay.

Itinuturing din ng mga Muslim ang **Hadith,** isang koleksiyon ng mga gawa at kasabihan ni Mohammed, bilang isang mahalagang aklat. Ginagamit nila ito bilang gabay sa kanilang pamumuhay. Subalit hindi nila ito tinuturing na higit na mahalaga kaysa Koran.

Narinig mo na bang nabanggit sa mga balita ang salitang *Jihad?* Karaniwang inaakala ng mga di-Muslim na nangangahulugan itong "banal na giyera," na pinapayagan ang mga Muslim na makipag-away sa mga di-Muslim bilang pagtatanggol sa Islam. Sa palagay mo ba'y tama ang kahulugan ng salitang ito? Ano ang ibig sabihin nito para sa mga Muslim?


Para sa maraming Muslim, pinatutungkulan ng Jihad ang pakikipaglaban sa sarili. Maaari itong pakikipaglaban upang maabot ang isang minimithi, katulad ng pagkamit ng isang propesyon, kalinisan sa sarili, o kaya'y iba pang dakilang hangarin.

Alinsunod sa batas ni Allah na nakasaad sa Koran, iniiwasan ng mga Muslim ang paggamit ng droga at pag-inom ng alak. Hindi rin sila nagsusugal at kumakain ng karne ng baboy, na itinuturing na madumi para sa katawan at espiritu.

Ang mga tungkulin ng isang Muslim ayon sa pagkakalarawan sa **Limang Haligi ng Islam** ay:

1. Ang pagbigkas ng **shahadah.** Isang pagpapahayag ng paniniwala ng mga Muslim ang shahadah. Ayon dito: "Walang ibang Diyos kundi si Allah, at si Mohammed ay Kanyang Propeta." Inuulit ito ng karamihan sa mga Muslim nang kahit isang beses sa isang araw.

2. Ang pagsasagawa ng **salat** (dasal) limang beses isang araw. Ginagawa ito habang nakaharap sa Mecca, ang lugar na pinanganakan ng propetang si Mohammed. Ginagawa ito tuwing umaga bago sumikat ang araw, sa tanghali, sa gitnang-hapon, pagkalubog ng araw at bago matulog.



**Ang Ka'aba, Isang dambanang Muslim sa Mecca**

3. Ang karaniwang pagbibigay sa kawanggawa sa pamamagitan ng **zakat,** isang buwis na pangkawanggawa na katumbas ng 2.5% ng suweldo ng isang Muslim. Hinihikayat ding magbigay sa mga nangangailangan ang isang Muslim kapag ginusto niya.

4. Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan. Pinaniniwalaang ito ang buwan kung kailan natanggap ni Mohammed ang unang pahayag ng Koran mula kay Allah.

5. Ang pagsasagawa ng kahit isang **hajj (pilgrimage)** o isang paglalakbay sa banal na Mecca, kung kaya ng pangangatawan at pananalapi.

Ngayon, ang Islam ang pangalawang pinakamalaking relihiyon sa daigdig. Ang mga Muslim, na may bilang na 1.2 bilyon, ang kumakatawan sa 22% ng populasyon ng buong daigdig. Nakakalat sila sa buong mundo, ngunit nasa Kanlurang baybayin ng Africa hanggang sa Pilipinas ang karamihan. Lumalaki ang kanilang bilang ng 2.9% bawat taon, higit na mabilis sa populasyon ng daigdig na tumataas lamang ng 2.3% bawat taon lamang.



## Magbalik-aral Tayo


Batay sa iyong mga nabasa tungkol sa Islam, makakaya mo bang sabihin kung tama o mali ang sumusunod na pangungusap? Isulat ang iyong mga sagot sa patlang. Ipaliwanag ang iyong sagot.

1. Tungkulin ng mga Muslim na makipaglaban sa mga di-Muslim. Ito ang konsepto ng Jihad.
   Tama o Mali? ____________________
   Paliwanag:__________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Kinikilala ng mga Muslim si Mohammed bilang nag-iisang propeta ng Diyos.
   Tama o Mali? ____________________
   Paliwanag:__________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

3. Tungkulin ng mga Muslim na tumulong sa mga nangangailangan at magbigay sa mahihirap.
   Tama o Mali? ____________________
   Paliwanag:__________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

Pagkatapos mong sagutan ang pagsusulit, ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37.



## Alamin Natin

**Hinduismo**



Ang Hinduismo ang nag-iisang pangunahing relihiyon na walang nag-iisang tagapagtatag, tiyak na sistema ng paniniwala, nag-iisang sistema ng moralidad, o sentrong samahang panrelihiyon. Mayroon itong libu-libong samahan na lumaganap sa India noong 1500 B.C.

Ang Hinduismo ngayon ang pangatlong pinakamalaking relihiyon sa buong daigdig. Mayroon itong 762 milyong tagasunod, na 13% ng buong populasyon ng daigdig. Ito ang pangunahing relihiyon sa India, Nepal, at ng mga Tamils sa Sri Lanka. Mayroon ding mga Hindu na nagkalat sa iba't ibang bahagi ng daigdig.

Ang mga Veda ang pinakamahalagang kasulatan ng Hindu. Mga banal na kasulatan ang mga ito tungkol sa iba't ibang paksa, tulad ng pagsamba sa Diyos, gayun din ang gamot, musika, pagsusundalo at marami pang iba. Itinuturing ng lahat ng Hindu na kinapapalooban ng pinakamataas na katotohanan ang mga Veda.

Ang isa pang mahalagang kasulatan ng mga Hindu ang *Bhagavad Gita*, na nangangahulugang "Awit ng Diyos." Isang mahaba at magandandang tula ito na naglalarawan ng pag-uusap ng mandirigmang si Arjuna at ng kanyang tagamaneho ng karosang si Krishna. Naganap ang tula sa isang digmaan. Nag-umpisa ito sa pagdadalawang isip ni Prinsipe Arjuna na lusubin ang mga kaaway nang makita niyang nasa kabilang kampo ang marami niyang kaibigan at kamag-anak. Bigla niyang naisip na malupit ang digmaan at ibinaba niya ang kanyang mga armas. Si Krishna, isang katawang-tao ng diyos na si Vishnu, ang nagpapaalaala sa kanya na ang pinakamataas na paraan ay ang gampanan ang kanyang tungkulin bilang mandirigma at sundin ang Diyos nang hindi nagtatanong. Ilalarawan din ng banal na kasulatan ang tungkol sa Diyos at ang mga paraan kung paano siya makikilala ng tao. Ito ang bumubuod sa mga relihiyosong kaisipan ng India sa maraming taon.

Isa pang mahalagang kasulatang Hindu ang *Rig Veda*, na isang koleksyon ng mga himnong (hymns) ginagamit sa mga ritwal. Ang Rig Veda ay isa sa mga Veda na nabanggit kanina.

Sumasamba rin sa iisang Diyosa ng mga Hindu. Ang Diyos na ito, na tinatawag na Brahman, ay ang kalahatan at matatagpuan saanman. Para sa mga Hindu, ang katotohanan ay ang isang banal na buhay na bumubuo ng daigdig at kasabay nito ay higit pang malaki sa daigdig.

Karaniwang kilala sa tatlong katauhan ang bathalang ito:

**Brahma,** ang Tagapaglikha at patuloy na lumilikha ng mga bagong katotohanan (reality).



**Vishnu,** o Krishna, ang Tagapagpanatili, na nagpapanatili ng mga bagong likha.



**Siva** o Shiva, Ang Tagapagsira, na siyang sumisira upang makalikha ng mga bagong bagay.



Maraming pang higit na mabababang diyos at diyosa ang sinasamba ng Hindu. Maaaring magkaroon ang bawat taong kaniyang personal na diyos o diyosa, hangga't naiintindihan niya na ang mga ito'y iba't ibang aspeto ng Diyos na bumubuo ng lahat. Dahil sa pilosopiyang ito, higit na mapahintulot sa ibang mga relihiyon ang mga Hindu. Sila nga ay may kasabihang:

*Ekam Sataha Vipraha Bahudha Vadanti.*

Iisa ang katotohanan, ngunit tinatawag ito sa iba't ibang pangalan ng iba't ibang paham.


Nakikita ng mga Hindu ang kabanalan sa lahat ng bagay at kasama na rito ang anumang pamamaraan ng pagsamba na maaaring gawin ng isang tao. Maaaring maging miyembro ang isang Hindu ng ibang relihiyon at manatili pa ring Hindu.


Tinatawag na **ahimsa** ang isa pang mahalagang katangian ng konseptong Hindu. Nangangahulugan itong "walang karahasan," o ang kawalan ng pagnanasang makasakit.

Isa ring mahalagang paniniwalang Hindu ang konsepto ng **reinkarnasyon.** Tumutukoy ang **reinkarnasyon** sa ideyang kapag namatay ang isang tao, patuloy na mabubuhay ang kanyang kaluluwa at muling maipanganganak sa ibang katauhan.

Sa Hinduismo, pinaniniwalaang nakasilo ang tao sa samsara, isang walang kahulugang siklo ng kapanganakan, buhay, kamatayan at muling pagsilang. Habang napapaloob sila sa siklong ito, nakaiipon sila ng karma. Tumutukoy sa bilang ng mabubuti at masasamang ginawa ng isang tao ang karma. Ito ang magtatakda kung paano ka mabubuhay sa susunod mong buhay.

Kung malinis ka sa isip at gawa, magagantimpalaan ka sa susunod mong buhay. Maaari ka ring muling maisilang sa higit na mataas na antas. Sa huli, maaring makatakas ka sa samsara at maabot mo ang pagkamulat *(enlightenment).* Kung marami kang nagawang masama, pagbabayaran mo ito sa susunod mong buhay. Maaaring muli kang maisilang sa higit na mababang antas, sa isang napakahirap na kalagayan. Nakasusunod ka ba? Tingnan natin ang ilang halimbawa.




Sa palagay mo ba'y di-makatarungang isinilang si Lito nang lumpo, bulag at walang magawa; habang naging mayaman si Nick nang hindi kailangang maghanapbuhay? Hindi, kung iisipin mong ito ay karma.

Marahil sa nakaraang buhay, maraming masamang ginawa si Lito. Marahil, pinagnakawan niya ang isang mahirap at pumutol ng paa ng isang tao. Nagbabayad lamang siya sa kasalukuyan niyang buhay. Marahil, tumulong naman si Nick sa mahihirap at maraming mabuting ginawa sa kanyang nakaraang buhay. Ngayong ginantimpalaan siya, kailangan niyang pag-ingatan na hindi siya maitulak ng kanyang kayamanan sa paggawa ng masama. Mang-aakit ito ng masamang karma at maaaring pagbayaran niya ito sa susunod niyang buhay.

Kadalasang nagninilay-nilay at nag-aayuno ang mga Hindu. Gumagawa rin sila ng araw-araw na debosyon at gumagawa ng gawaing tulad ng **puja.** Isa itong pagsasamba na ginagawa sa pamamagitan ng panalangin, pagdarasal, pag-awit o ritwal.



## Subukan Natin Ito


Magbigay ng dalawang konsepto ng Hinduismo na nakapukaw ng iyong interes, o sa palagay mo ay mga mabuting konsepto na maaari mong sundin at paniwalaan.

1. ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________


Nasa ibaba ang isang halimbawa upang magabayan ka sa pagsagot.

Sa aking palagay, nakapupukaw ng interes ang ideya ng **karma.** Tumutukoy ang Karma sa mga mabubuti at masasamag bagay na ginagawa natin. Ayon sa mga Hindu, ginagantipalaan tayo ayon sa ating mabuting karma, at pinarurusahan ayon sa masamang karma. Salamin ng ating karma ang ating kasalukuyang kalagayan. Kapag naghihirap tayo nangangahulugan ito na may ginawa tayong masama sa nakaraan na ating pinagbabayaran. Kung tayo ay tumatamasa ng magandang kapalaran, marahil, gantimpala ito ng mabuting ginawa natin noon. May katuturan ang lahat ng ito para sa akin.



## Alamin Natin

**Judaismo**



Ang Judaismo ang relihiyon ng mga Hudyo. Isa ito sa mga Abramikong relihiyon na kinabibilangan din ng Kristiyanismo at Islam. Umuugat ang mga relihiyong ito noong panahong nagtatag ng banal na kasunduan ang Diyos ng mga Israelita kasama si Abraham. Matagal nang kalat na at walang mga tirahan ang mga Hebreo (mga ninuno ng mga Hudyo). Sinabi ng Diyos kay Abraham na bibigyan niya ang mga Hebreo ng bagong lupang matatawag nilang kanila.



Iniligtas ni Moses ang mga Hebreo mula sa pagkabihag sa Ehipto patungo sa lupang Pangako. Doon, nagtatag sila ng kaharian. Nahahati sa dalawa ang kaharian—ang kaharian ng Israel at ang kaharian ng Judah. Nakapagpatayo ng templo at nakapagtatag ng kanilang relihiyon ang mga Hudyo.

Noong 722 B.C., sinakop ng mga taga-Assyria ang Israel. Nahulog ang Judah sa kamay ng mga taga-Babylonia noong 587 B.C.  Noong 63 B.C., sinakop ng mga Romano ang mga Palestino. Nagsimulang maghintay ang mga Hudyo sa pagdating ng Tagapagligtas na siyang magpapalayas sa mga Romanong mananakop. Sa mga panahong ito ipinanganak si Kristo at mula sa isang sektang Hudyo, naging isang relihiyon ang Kristiyanismo.

Nagkalat muli ang mga Hudyo sa buong daigdig ngayon ngunit sinira ang kanilang templo. Hindi na nakasentro sa Herusalem ang kanilang relihiyon; sa katotohanan, pinagbawalan silang magpunta roon. Ang **sinagoga** o *synagogue* (ang lugar ng pagsasamba ng mga Hudyo) ang naging bagong sentro ng buhay ng Hudyo. Lumipat ang pamumuno mula sa mga pari tungo sa mga pampurok na iskolar at guro na marunong sa batas at tradisyong Hudyo. Tinawag silang **rabbis.**

Tinatawag na Tanakh ang banal na aklat ng mga Hudyo. Napapaloob dito ang mga salita at utos ng Diyos, pati na rin ang kasaysayan ng mga Hudyo. Binubuo ito ng tatlong grupo ng mga aklat:

- ang **Torah,** na binubuo ng aklat ng Exodus, Leviticus, Numbers at Deutoronomy;
- ang **Nevi'im,** na binubuo ng aklat ng Isaiah, Amos, at iba pang mga propeta; at
- ang **Ketuvim,** na kabilang ang aklat ng Kings, Chronicles at marami pang iba.

Ang isa pang aklat na mahalaga para sa mga Hudyo ang **Talmud.** Kinapapalooban ito ng mga kuwento, batas, kaalaman sa panggagamot, debate tungkol sa mga tama o moral na pagpili, atbp.




## Pag-isipan Natin Ito

Alam mo bang magkakatulad ang mga banal na kasulatang ginagamit ng mga Hudyo, Kristiyano at Muslim? **Tanakh** ang tawag dito ng mga Hudyo, **Lumang Tipan** ang sa Kristiyano at Koran naman ang sa mga **Muslim.** Para sa tatlong relihiyong ito, banal ang mga kasulatang ito sapagkat nakatalaga rito ang mga salita ng Diyos.

Naniniwala ang mga Hudyo na ang Diyos ang lumikha ng lahat ng nandito sa daigdig. Siya lamang ang nag-iisa, walang katawan, at ang dapat sambahin bilang panginoon ng buong sansinukob (universe). Tinitingnan ng Diyos ang lahat ng gawain ng mga tao. Ginagantimpalaan niya ang mga tao para sa kabutihang nagawa at pinarurusahan ang masama.

Naniniwala ang mga Hudyo na mas mahalaga ang paggawa at pagkilos kaysa sa pananampalataya at paniniwala. Hindi rin sila naniniwala sa unang kasalanan (ang paniniwalang namana ng lahat ng tao ang kasalanang ginawa nina Adan at Eba nang hindi nila sinunod ang utos ng Diyos sa Halamanan ng Eden). Naniniwala ang mga Hudyo na mabuti ang daigdig at ang mga tao rito sapagkat likha ng Diyos ang lahat ng ito. Naniniwala rin sila na hindi kailangan ng tao ang tagapagligtas o tagapamagitan na magpapalapit sa kanila sa Diyos. Ang sinuman ay maaaring mapalapit sa Diyos at maaaring maging banal ang kanyang buhay sa pamamagitan ng pagsunod sa **mitzvot,** o ang banal na Utos ng Diyos.



## Alamin Natin

Kapag iyong naririnig ang salitang *messiah*, ano ang iyong naiisip? Ano ang ibig sabihin ng salitang ito para sa iyo? Isulat sa ibaba ang iyong sagot.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

| |
|---|
| Hindi tumutukoy ang **Messiah** ng Hudyo sa tagapagligtas na maglalapit sa kanila sa Diyos. Tumutukoy ang salita sa isang hari na magbubuklod sa mga Hudyo pabalik sa kanilang lupain sa Israel. |

Mahigpit na disiplina, ayon sa Batas ng Diyos, ang gumagabay sa lahat ng aspeto ng buhay-Hudyo. Dapat palaging pumunta sa mga sinagoga ang mga lalaking Hudyo. Dapat magpahinga ang mga Hudyo kapag araw ng Sabbath o araw ng pahinga (Sabado para sa mga Hudyo). Itinuturing na kasalanan para sa isang Hudyo ang pagtatrabaho sa araw ng Sabbath.

Ipinagdiriwang ng mga Hudyo ang maraming pista kung saan gumagawa sila ng mga ritwal, kasama na ang pag-aayuno at pagpipinitensiya. Kasama sa mga pistang ito ang:

- **Passover,** na ginagawa taon-taon upang maalala ang paglaya ng mga Hudyo mula sa pagkaalipin noong 1300 B.C. Anim na magkakaibang pagkain ang kinakain ayon sa tiyak na ayos tuwing Passover. Kumakatawan ang mga pagkain sa iba't ibang aspeto ng karanasan sa pagkakaalipin ng mga Hudyo.
- **Hanukkah,** o ang Pista ng mga Ilaw. Isang pista na ipinagdiriwang tuwing Disyembre. Ipinagdiriwang nito ang digmaang nilabanan ng mga Hudyo upang makamit ang kanilang kalayaang panrelihiyon.
- **Rosh Hashanah,** ito ang bagong taon ng mga Hudyo. Kinakatawan nito ang anibersaryo ng pagkabuo o pagtapos ng paglikha, na tinataya ng mga Hudyo na nangyari 5,760 taon na ang nakakalipas.


Pagkatapos masira ang templo ng mga Hudyo at paalisin sila sa kanilang lupain, nagdusa ang mga Hudyo mula sa mga panlalait ng mga tao. Kinamuhian sila ng mga Kristiyano dahil hindi nila kinikilala si Hesukristo bilang Messiah at hindi sila naniniwala na anak ng Diyos si Hesus. Naniniwala rin ang mga Kristiyano na ang mga Hudyo ang may kasalanan sa pagkamatay ni Kristo sa krus.Maraming kuwentong hindi totoo ang ikinalat tungkol sa kanila. Sa Pilipinas, kapag nag-aaway ang mga tao, sinisigawan nila sa isa't-isa kung minsan ng, "Hudyo! (Jew!)." Ang ibig sabihin, traidor o masamang tao ang sinisigawan.

Umabot sa masamang pangyayari noong 1930s at 1940s ang **anti-Semitism** na ito (ang tawag sa galit sa lahi ng mga Hudyo). Sa mga panahong ito, isinagawa ni Adolf Hitler at ng Alemang Partidong Nazi ang **Holocaust,** sa pagtangkang patayin ang lahat ng mga Hudyo sa Europa. Tinatayang mga 6 na milyong Hudyo ang napatay sa isa sa mga pinakamalalang halimbawa ng pagbatikos sa lahi at relihiyon. Maniniwala ka ba na nagaganap pa rin hanggang ngayon ang anti-Semitism?

Bumuo ang mga Hudyo ng kilusang **Zionist** upang labanan ang mga persekusyon laban sa kanila. Hanggang sa makalikha sila ng lupaing tahanan para sa mga Hudyo. Nabuo ang estado ng Israel noong Mayo 18, 1948.

Tinatayang mayroon 18 milyon Hudyo sa buong daigdig. Matatagpuan ang karamihan sa kanila sa Hilagang bahagi ng Amerika (tinatayang 7 milyon) at Israel (tinatayang 4.5 milyon).

**Budismo**



Ang Budismo ang tanging relihiyong umiiwas sa mga dogma (paniniwala o pananalig na dinidikta ng may posisyon, na tinatanggap bilang katotohanan).

Itinatag ito sa India ng Buddhang si Siddharta Gautama. Ipinanganak siya noong 563 B.C. sa Lumbini, na nasa kasalukuyang Nepal. Sa edad na 29, iniwan niya ang kanyang asawa, anak at mga kilusang politikal upang hanapin ang katotohanan. Gusto niyang malaman ang mga dahilan ng mga pagdurusang nakita niya sa daigdig. Gusto niya rin malaman kung paano matatakasan sa mga paghihirap na ito.



Buddha

Naging isang **ascetic** o isang taong hindi tinatanggap ang mga pisikal na ginhawa at kaligayahan si Siddharta. Ngunit hindi niya natagpuan ang ganap na katotohanan sa asetisismo. Naramdaman niya na dapat ding magkaroon ng katotohanan ang lahat ng kaligayahan sa buong daigdig. Sumali siya sa maraming grupo at tinanggihan ang lahat ng ito. Noong 535 B.C., natagpuan niya ang katotohanang hinahanap niya at magmula noon, tinawag na siyang **Buddha.** "*The Enlightened One* o ang nakakita sa katotohanan" ang ibig sabihin ng Buddha.

Maraming tao ang naniniwala na nananampalataya kay Buddha ang mga Buddhists. Hindi ito totoo. Nangangahulugan ang titulong Buddha na "ang taong namulat *(one who has awakened)"* o ang taong nakakita ng katotohanan o *"one who has been enlightened*." Tumutukoy ito sa taong nakakita ng katotohanan. Hindi Diyos si Buddha. Maraming puwedeng maging Buddha. Sa katunayan, maaaring maging Buddha ang sinuman kahit ikaw, kung gugustuhin mo.

Hindi sumasamba sa iisang Diyos o sa kahit na sinong Diyos ang mga Buddhist. Naniniwala sila na may isang pangkalahatang puwersa o supreme universal force. Hindi nangangailangan ang puwersang ito ng pagsasamba dahil ito ang lahat ng bagay at nasa lahat ng lugar. Bahagi ng puwersa ang mga tao. Kahit ang mga puno at bato. Kung sinasamba mo ang puwersa, sinasamba mo na rin ang lahat ng iyong nakikita!

Sa paghahanap sa katotohanan, natagpuan ni Siddharta ang **Middle Way.** Ito ang paghanap ng balanse o pagkakapantay ng kakaunti at sobra. Halimbawa, hindi dapat ganap na tanggihan ang mga kasayahan sa daigdig at hindi naman dapat makibahagi sa labis na kasayahan.

Nakita ng Buddha na walang permanente sa daigdig. Nakita niya na ang daigdig at ang sarili (ego) ay mga likhang-isip (illusions) lamang. Naisip niya na ang pagpapahalaga natin sa mga ilusyon ang dahilan ng paghihirap. Nilikha ng Buddha ang Apat na Dakilang Katotohanan (Four Noble Truths):

- May pagdurusa sa ating daigdig.
- May dahilan ang pagdurusa.
- May katapusan ang pagdurusa.
- Mayroon landas na humahantong sa pagwawakas ng pagdurusa.

Minimithi ng mga Buddhist ang magising mula sa ilusyon at makatakas sa pagdurusa. Paano ka magigising mula sa ilusyon? Sa pamamagitan ng pagbitaw sa mga makamundong bagay at sa pagtinging iisa lamang ang lahat ng tao at lahat ng bagay.

Paano mo matatakasan ang pagdurusa? Matatakasan mo ang pagdurusa kung matutuklasan mong isang ilusyon ang lahat ng bagay, kasama na ang pagdurusa. Matatakasan mo ang pagdurusa sa pamamagitan ng pagbibitaw mo sa iyong mga kagustuhan o pagpapahalaga sa mga makamundong bagay.

Kung matakasan mo ang ilusyon ng iyong sarili at ang ideya na hiwalay na nilalang ang bawat isa sa atin, makakalaya ang puso mo sa puot at kasakiman at higit kang magiging mapagmahal sa kapwa.

Itinuro ng Buddha ang landas patungo sa katotohanan, na tinatawag na ang **Eightfold Path.** Binubuo ito ng:

1. tamang pag-unawa
2. tamang pag-isip
3. tamang pagsasalita
4. tamang pag-uugali
5. tamang paghahanapbuhay
6. tamang pagsisikap
7. tamang pag-iisip tungkol sa iba
8. tamang konsentrasyon

Naniniwala rin ang mga Buddhist, katulad ng mga Hindu, sa reinkarnasyon. Sa bawat buhay ng tao, dapat siyang magsumikap na palayain ang lahat ng kanyang pagpapahalaga sa daigdig at kung gayon ay maging malaya sa ilusyon. Ang Buddhist ay tinatawag ang pagkalaya sa ilusyon at pagdurusa na **nirvana.** Ito ang nais matamo ng bawat Buddhist.

Matatagpuan ang mga turo ni Buddha sa **Tripitaka,** isang malaking koleksiyon ng mga kasabihan at pag-aaral, na madalas ring tinatawag na **Sutras.**



## Subukan Natin Ito

May mga tao bang nabibilang sa ibang relihiyon sa inyong komunidad o barangay? Nabibilang ba sila sa isa sa mga relihiyong ating natalakay? Ano ang naramdaman mo para sa kanila bago mo nabasa ang tungkol sa iba't ibang relihiyon sa buong daigdig? Ano na ngayon ang nararamdaman mo para sa kanila? Higit mo ba silang nakikilala o nauunawaan ngayon? Isulat ang iyong mga naiisip sa mga patlang sa ibaba.

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________


_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Subukan mong sagutin ang *puzzle*.



**Pahalang**

1. Ang pagpapahalaga sa mga turo ni Kristo
3. Ang unang grupo ng libro sa Jewish Tanakh
4. Naniniwala ang mga Hindu at Buddhist na kapag namatay ang isang tao, patuloy na nabubuhay ang kanyang kaluluwa at muli siyang isisilang sa ibang katawan. Tinatawag ang prosesong ito na ______________________.
5. Ang kabuuan ng isang mabuti at masamang gawain. Naniniwala ang mga Hindu na ito ang nagiging batayan kung paano ka mamumuhay sa susunod mong buhay.
7. Ang kanyang mga tinuro ang naging batayan ng paniniwalang Kristiyano
8. Ang huling pinakamagaling na propeta ng Islam
13. Tinatawag ng mga Buddhist na ganap na kalayaan mula sa ilusyon at pagdurusa.

**Pababa**

2. Nais matamo ng isang Buddhist ang pagmulat mula sa ________________.
3. Ang banal na aklat ng mga Hudyo
6. Tumutukoy ito sa hari na siyang magbibigay daan sa pagbalik ng mga Hudyo sa kanilang tunay na lupain.
9. Ang lugar ng kapanganakan ni Mohammed, kung saan nagpupunta ang mga peregrinong Muslim.
10. Ayon sa mga Kristiyano, ang mga kaluluwa na hindi nakaranas ng pagkaligtas ay iniipon ng ____________________.
11. Ang ibig sabihin sa Muslim ng pakikipaglaban sa sarili
12. Ang tawag sa isang gurong Hudyo na maalam sa mga Batas at kaugaliang Hudyo.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.



## Tandaan Natin

- Naniniwala ang mga Kristiyano na maililigtas sila sa pamamagitan ni Kristo. Hindi lamang sila tinuruan na mahalin ang isa't isa, tinuruan rin sila na mahalin ang Diyos nang higit sa lahat.
- Naniniwala ang mga Muslim na maililigtas sila sa pamamagitan ng pagsunod sa Utos ng Diyos o Allah.
- Naniniwala ang mga Hindu sa isang makapangyarihang puwersa na kabuuan ng lahat ng bagay at kasabay nito'y humihigit pa sa lahat ng bagay. Naniniwala sila sa mga batas ng karma at reinkarnasyon.
- Naniniwala ang mga Hudyo, tulad ng mga Muslim, ng mahalaga ang pagsunod sa mga utos ng Diyos. Ibinabatay nila ang kanilang mga ritwal at kaugalian sa mga salita ng Diyos na nakasulat sa Tanakh.
- Hinahangad ng mga Buddhist na mamulat mula sa mga illusyon ng mundo at marating ang nirvana, isang kalagayan ng ganap na kalayaan mula sa paghihirap at ilusyon.

ARALIN 2

# Mga Taong May Iba't Ibang Pananampalataya

Ngayong napag-aralan mo na ang mga pangunahing relihiyon sa buong daigdig, isipin mo ang tanong na ito: *Bakit kaya kalimitang nagiging sanhi ng digmaan ang relihiyon?* Susubukan nating sagutin ang nabanggit na tanong sa aralin na ito. Susubukan rin nating sagutin ang isa pa: *Paano natin mahihinto ang mga hidwaan sa relihiyon?*

## Basahin Natin Ito

Isinulat ng isang taong nagngangalang Hans Kung: "Magkakaroon ng kapayapaan sa buong daigdig kung mayroon kapayapaan sa pagitan ng mga relihiyon ng daigdig."

Bakit niya kaya nasabi ito? Ito ay dahilan sa ang mga pinakamalalim na hidwaan sa buong daigdig ay sanhi ng pagkakaiba ng relihiyon ng iba't ibang grupo ng tao. Sa halip maging batayan ng kabaitan at pagkakapatiran, paulit-ulit na dahilan ng galit at digmaan ang mga relihiyong ito. Narito ang ilang halimbawa ng mga sitwasyon kung saan nagdudulot ng hidwaan ang pagkakaiba sa mga paniniwalang panrelihiyon ng mga tao.




**"Madugong Linggo" sa Ireland noong 1972**

**Madugong Linggo.** Noong Enero 30, 1972, nagpaputok sa mga di-armado at mapayapang mga demonstrador sa Derry, Ireland ang mga sundalong Ingles na humantong sa pagpatay ng 13 at nakasugat ng maraming tao.

Bunga ito ng mahabang kasaysayan ng di-pagkakaunawaan ng mga Katoliko at Protestante sa Ireland. Ang matinding labanan sa pagitan ng dalawang relihiyon na ito na nagsimula sa hidwaang politikal ay nagpapatuloy pa rin hanggang ngayon. Higit sa 3,600 tao ang namatay at higit 30,000 ang nasaktan sa loob ng nagdaang 30 taon.


**Mga Muslim at Kristiyano Nagpapatayan sa Indonesia.** Noong Hunyo 2000, tatlong libong armadong mandirigmang Muslim ang biglaang pumatay ng ilang daang Kristiyano sa baryo ng Duma sa Halmahera Island, Indonesia.



Isang simbahang Kristiyano na nawalang ng bubong matapos sunugin ng mga Muslim.

Sa nakaraang 20 taon, pinag-aawayan ng mga Kristiyano at Muslim ang isla ng Maluku. Gustong mapaalis ng bawat grupo ang isa.

Kamakailan lamang, humantong sa digmaan ang hidwaang ito. Nagsimula ang mga Muslim at Kristiyano na atakihin ang bawat isa at sunugin ang kanilang mga lugar ng dasalan (mga mosque at simbahan). Libo-libong tao, mga Muslim at Kristiyano, ang namatay dahil sa hidwaang ito.



Isang sundalo ng gobyerno ay iwinawagayway ang bandila ng Pilipinas sa tuktuk ng sunog na mosque.

**Ang Digmaan sa Mindanao.** Sa Mindanao, nagkaroon na ng maraming madugong pagtatagpo sa pagitan ng mga Muslim at ng mga sundalo, na nagbunga ng maraming madugong kamatayan. Mayroon rin iilang mga dayuhang nabihag ng isang grupo ng mga rebeldeng Muslim. Libo-libong pamilya ang nawalan ng tahanan at marami rin ang nagdusa at namatay.

Isang posibleng dahilan ng ganitong mga labanan ang matagal nang hidwaan sa pagitan ng mga Muslim at Kristiyano sa ating bansa. Hangad ng mga Muslim ang isang nasyon na hiwalay sa mga Kristiyano, na bumubuo sa karamihan ng populasyon. Ang mga Muslim ang unang nanirahan sa ating bansa at matagal na lumaban sa pananakop ng mga Kristiyano.



## Pag-isipan Natin Ito

Ano sa palagay mo ang pagkakatulad ng tatlong pangyayari?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.


## Alamin Natin

Maaaring mangyari sa iba't ibang bahagi ng daigdig ang mga hidwaan na kinapapalooban ng relihiyon. Naiimpluwensiyahan o dahilan ito sa maraming bagay tulad ng: di-pagkakaunawaan tungkol sa lahi, etniko, ekonomiya at politika. Ngunit may pagkakatulad ang mga ito sa iba't ibang paraan, dumaragdag sa hidwaan ang mga pagkakaibang ito. Nangangahulugan ba itong may masamang impluwensiya ang relihiyon sa mga ito?—Tulad ng natutuhan mo sa naunang aralin, may pagkakatulad ang iba't ibang relihiyon sa daigdig—nagtuturo ang mga ito ng mabubuting kaugalian at mga prinsipyong etniko tulad ng pagmamahal, pagkakawanggawa at pag-uunawa. Kung gayun, ano ang dahilan ng mga hidwaang panrelihiyon? Tingnan mo kung kaya mong tukuyin ang mga dahilan ng hidwaan sa sumusunod na kuwento.

## Basahin Natin Ito

Narinig mo na ba ang kuwento ng animna bulag na lalaki at ng elepante? Mag-balik-tanaw tayo sa kuwentong pambatang ito.




Nahawakan ng ikatlong bulag na lalaki ang katawan ng elepante. Sinabi niya nang malakas:
Parang pader ang elepante!


Hinawakan ng ikaapat na bulag na lalaki ang tainga ng elepante. Sinabi niya:
Mga kaibigan, parang bentilador ang elepante!


Nahawakan ng ikalimang bulag na lalaki ang mga sungay ng elepante. Sabi niya:
Ngayon alam ko nang parang kutsilyo ang elepante!


Nahawakan ng ikaanim na bulag na lalaki ang mahabang ilong ng elepante. Sinabi niya:
Naku! Tulad ng ahas ang elepante!


Nagaway-away ang anim na bulag na lalaki. Inakala ng bawat isa na tama siya at mali ang iba.

## Pag-isipan Natin Ito

Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

1. Ano ang problema ng anim na bulag na lalaki? Bakit hindi sila magkaintindihan?

    ______________________________________________________________

    ______________________________________________________________

    ______________________________________________________________

2. Sa palagay mo, paano maiuugnay ang araling ito sa usaping relihiyon, lalo na sa mga hidwaang panrelihiyon?

    ______________________________________________________________


    ______________________________________________________________


    ______________________________________________________________


Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.

## Basahin Natin Ito

Ngayon ay basahin ang sumusunod na kuwento.






Sa tingin mo, alin sa mga taong ito ang tama? Ipinapaalala ba nila sa iyo ang anim na bulag na lalaki?

## Alamin Natin

Bakit kaya humahantong sa galit at digmaan ang mga pagkakaiba sa relihiyon? Masama ba ang relihiyon?

Basahin ang sumusunod na pangungusap:

> Nagbibigay-halaga ang bawat relihiyon sa pagpapabuti ng tao, pagmamahalan, paggalang sa iba, pakikibahagi sa paghihirap ng mga tao. Sa kalagayang ito, halos nagkakatulad ang lahat ng relihiyon ng pananaw at hangarin.
>
> — Ang Dalai Lama

Sumasang-ayon ka ba?

Nagkakaiba ang iba't ibang grupo ng relihiyon sa kanilang mga ideya, paniniwala at kaugalian. Ngunit tinuturuan ng lahat ng ito ang mga tao kung paano maging mabuti at kung papaano pakitunguan ang bawat isa nang may pagmamahalan at pag-uunawaan.

Kung gayun, ano ang dahilan ng mga hidwaan?

Ang mga hidwaan sa relihiyon ay bunga ng pag-uugaling mayroon ang mga tao tungo sa ibang taong may paniniwalang kakaiba sa kanila. Ang pag-uugaling ito ay tinatawag na *intolerance* o di-pagpaparaya. Nangyayari ito kapag hindi hinahayaan ng mga tao na isabuhay ng ibang tao ang kanilang paniniwalang panrelihiyon na kakaiba sa kanila.

Ano ang sanhi ng pagiging makitid ang pag-iisip pagdating sa relihiyon?

May isang katangian ang relihiyon na hindi pa natin natatalakay. Ito ang pagpapahalagang ibinibigay ng relihiyon sa pananampalataya at katapatan. May ibang relihiyon na nagtuturo na ang katapatan sa relihiyon isang pagpapahalaga, at dapat mong isipin na ang iyong relihiyon ay ang tunay na relihiyon. May mga relihiyong sinasabing binuo ng mga huwad na propeta, o higit na masama, binuo mismo ng demonyo. Tinatangka ng mga miyembro ng mga relihiyong ito na mahikayat ang iba sa kanilang relihiyon, sa paniniwalang nililigtas nila ang mga tao sa kasamaan.

Ngunit paano kung gayun din ang tingin ng mga taong nais mong iligtas? Paano kung nararamdaman nilang ang kanilang relihiyon ay ang totoong relihiyon at ang sa iyo ang ginawa ng demonyo? Pag-aaway ang kahihinatnan nito. Humahantong ang pag-aaway sa galit at sa maraming pagkakataon sa digmaan.

Ano ang puwedeng gawin upang mahinto ang pag-aaway? Isa lamang ang maaari nating gawin. Baguhin natin ang ating pag-uugali tungkol sa ibang relihiyon at sa mga nananampalataya dito. Paano natin gagawin ito?

Ngayong natutuhan mo na ang tungkol sa iba't ibang relihiyon, sa tingin mo ba ay mapaniniwalaan mo ang itinuturo ng mga ito? Kahit na may pagkakatulad ang mga pangunahing tinuturo ng ibat ibang relihiyon, nagkakaiba ang kanilang mga kaugalian at paniniwala. Kaya mo bang magkaroon ng matibay na pananalig sa iyong relihiyon habang naniniwala sa mga itinuturo ng iba pang relihiyon?

HINDI MO KINAKAILANG MANIWALA SA MGA ITINUTURO NG IBANG RELIHIYON. Kung nais mong tumulong sa pagwawakas ng mga hidwaang panrelihiyon, ang una mong dapat gawin ay igalang ang karapatan ng ibang tao na sundin ang sarili nilang paniniwala at kaugaliang panrelihiyon, kahit na tila huwad sa iyo ang mga ito. Kinapapalooban ito ng:

1. Pagtanggap na naniniwala ang mga nananampalataya sa ibang relihiyon na ang kanilang relihiyon ang tunay na relihiyon, tulad ng paniniwala mong ang relihiyon mo ang tunay na relihiyon.

2. Paghihintulot sa iba na isabuhay ang kanilang pananampalataya basta't hindi nakakasakit sa ibang tao ang mga ito.

3. Hindi pagtanggi sa pagtanggap ng mga taong naghahanap ng trabaho, panunuluyan atbp., dahilan sa kanilang relihiyon.


4. Pag-unawa sa mga pangangailangan ng ibang mga tao tungkol sa kanilang relihiyon. Isang halimbawa, dapat payagan ang mga empleyado na lumiban o magbakasyon kung may pistang panrelihiyon o mga pista opisyal na mahalaga sa kanila.

5. Hindi paghusga sa mga tao dahilan sa kanilang relihiyon.



## Subukan Natin Ito

Mayroon ka bang kaibigan o kamag-anak na nabibilang sa ibang relihiyon? Kung wala, subukan mong maglibot sa iyong komunidad at maghanap ng taong nabibilang sa ibang relihiyon. Kausapin mo siya tungkol sa kanyang mga paniniwala at kaugalian. Tingnan mo kung katulad ng ating pinag-usapan sa Aralin 1 ang kanyang mga pag-uunawa tungkol sa kanyang relihiyon. Habang kinakausap mo siya, subukan mong gamitin ang iyong mga natutunan tungkol sa pag-uunawa at paggalang sa ibang relihiyon.



## Alamin Natin

Napag-usapan natin na ang unang hakbang upang makamit ang kapayapaan sa pagitan ng mga relihiyon - ang paggalang sa mga karapatan ng ibang tao na maisabuhay ang kanilang mga paniniwalang panrelihiyon. Ngunit maaari itong mauwi sa di-pagkakasunduan ng iba't ibang grupo ng relihiyon, di-pagtanggap at di-pag-uusap. Hindi ito magandang pakinggan, di ba?

Mahalagang **magkaroon ng pag-uusap (dialogue)** ang mga tao mula sa iba't ibang relihiyon. Ano ang ibig sabihin nito? Dapat silang makipag-usap nang patas sa isa't isa. Walang dapat kumilos na tila siya ang nasa posisyon, na para bang sinisikap niyang iligtas ang iba. Ang isang makabuluhang pag-uusap o diyalogo sa pagitan ng mga grupong ito ay nagpapahiwatig ng pag-uunawa sa iba't iba nilang paniniwala. Makatutulong ito sa kanila upang makita ang mga pagkakatulad at gayun din kilalanin at igalang ang mga pagkakaiba ng kanilang mga paniniwalang panrelihiyon. Dapat itong humantong sa higit na mabuting pagkakaunawaan sa pagitan ng mga grupong ito.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Isulat sa patlang ang titik **T** kung tama ang pangungusap, at titik **M** naman kung mali.

_____ 1. Walang pagkakaiba ang mga relihiyon sa buong daigdig.

_____ 2. Nangangahulugang pagkakaroon ng makitid ang pag-iisip sa ibang relihiyon na hindi pagpapahintulot sa iba na maisabuhay ang kanilang mga paniniwalang panrelihiyon na naiiba sa iyo.

_____ 3. Nangangahulugan ang makabuluhang pag-uusap sa pagitan ng iba't ibang grupo ng relihiyon na sinisikap iligtas ang isang grupo ang isang tao mula sa masamang relihiyong kanyang kinabibilangan.

______ 4. Upang magkaroon ng kapayapaan kasama ang mga miyembro ng ibang relihiyon, kailangan mong maniwala sa kanilang mga itinuturo kahit na hindi ito tumutugma sa mga tinuturo ng iyong relihiyon.

______ 5. Karapatan ng bawat tao na gawin o maipahayag ang kanyang paniniwalang pangrelihiyon.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 39. Tama ba halos ang lahat ng iyong sagot? Magaling. Handa ka na ngayong sagutin ang huling pagsusulit sa modyul na ito. Kung mali ang karamihan ng iyong sagot, mabuting magbalik-aral ka at basahin ang mga aytem na hindi mo naunawaan. Pagkatapos, muli mong sagutin ang pagsusulit. Galingan mo!



## Tandaan Natin

- Ang relihiyon kung iyong iisipin ay hindi nagtuturo sa tao na makipag-away. Ang masasamang pag-uugali ng tao tungkol sa ibang relihiyon ang nagdudulot ng mga hidwaan. Tinatawag na di-pagpaparaya sa relihiyon *(religious intolerance)* o pagkakaroon ng makitid ang pag-iisip tungkol sa mga relihiyon. Mayroon kang makitid na pag-iisip kung hindi mo pinahihintulutan ang ibang tao na maipahayag ang kanilang paniniwala na naiiba sa iyo.
- Itinuturo ng iba't ibang relihiyon sa daigdig ang magkakatulad na batayang katotohanan, ngunit sa iba't ibang paraan.
- Kailangan mong igalang ang mga paniniwalang panrelihiyon ng iba kahit na sa tingin mo ay hindi totoo ang mga ito.
- Upang maayos ang mga hidwaang panrelihiyon, kailangan mong:

  1. Paghintulutan ang iba na maisabuhay ang kanilang mga paniniwalang panrelihiyon kahit hindi tumutugma sa iyong paniniwala ang mga ito.
  2. Magkaroon ng makabuluhang pag-uusap sa pagitan ng mga miyembro ng iba't ibang relihiyon upang maunawaan ang kanilang mga paniniwala at kagawian.
  3. Matutuhang bigyang-pagpapahalaga ang mga pagkakaiba ng paniniwala at kaugalian ng iba't ibang relihiyon habang isinasaisip na may magkakatulad na layunin ang mga ito.



## Ibuod Natin

Tingnan natin ang mahahalagang konsepto na natutuhan mo sa modyul na ito. Ibinuod ang mga ito upang matandaan mong mabuti.

♦ Ang limang pangunahing relihiyon sa buong daigdig ay: Kristiyanismo, Islam, Hinduismo, Judaismo at Budismo. Pinakamaraming tagapaniwala ang mga relihiyong ito sa buong daigdig.

♦ Sumusunod ang mga Kristiyano sa mga turo ni Kristo, lalo na sa kanyang mga kautusan na dapat natin mahalin ang isa't isa at mahalin ang Diyos nang higit sa lahat.

♦ Sumusunod ang mga Muslim sa kalooban o kagustuhan ng Diyos o ni Allah.

♦ Nagbibigay-halaga ang mga Hudyo (Jew) sa mga kautusan ng Diyos o ni Yahweh.

♦ Naniniwala ang mga Hindu sa isang makapangyarihang puwersa na kabuuan ng lahat at siya ring humigit sa lahat ng bagay.

♦ Ninanais ng mga Buddist na makamit ang nirvana at maging malaya mula sa paghihirap at ilusyon.

♦ Dapat nating igalang at maging mapagparaya sa paniniwala at kaugaliang panrelihiyon ng ibang tao, kahit na ang mga ito ay naiiba sa ating pansariling paniniwala.

♦ Itinuturo ng iba't ibang relihiyon sa daigdig ang magkakatulad na batayang katotohanan, ngunit sa iba't ibang paraan.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

A. **Bilugan ang mga titik ng tamang sagot.**

1. Itinuro ni Hesukristo sa mga tao na…
   a. dapat nilang mahalin ang kanilang sarili lamang.
   b. dapat nilang mahalin ang iba tulad ng pagmamahal nila sa sarili.
   c. dapat nilang mahalin ang sarili higit sa iba.
   d. wala sa mga ibinigay na sagot
2. Higit na binibigyan pagpapahalaga ng mga Muslim ang…
   a. pagsunod sa kalooban ni Allah
   b. pagsunod sa kalooban ni Mohammed
   c. pagsunod sa diwa ng digmaan
   d. lahat ng sagot sa itaas
3. Naniniwala ang mga Hindu na…
   a. sagrado at dapat sambahin ang mga hayop
   b. marurumi at dapat patayin ang mga hayop
   c. sagrado lahat ng bagay at hindi dapat saktan ang anumang nabubuhay na nilalang
   d. wala sa mga ibinigay na sagot
4. Naniniwala ang mga Hudyo (Jew) na…
   a. higit na mahalaga ang pagkilos kaysa paniniwala
   b. higit na mahalaga ang paniniwala kaysa sa pagkilos
   c. walang halaga ang pagkilos at paniniwala
   d. wala sa mga ibinigay na sagot
5. Ang layunin ng Buddhist ay…
   a. sambahin ang Buddha
   b. sundin ang Buddha
   c. mahalin ang Buddha
   d. mamulat mula sa ilusyon

B. Isang pamilya na nabibilang sa ibang relihiyon ang lumipat sa tabi ng iyong tahanan. Ano ang iyong gagawin? Piliin at lagyan ng tsek (4) ang maaari mong gawin.

_____ 1. Hilingin na ipaliwanag nila sa iyo ang kanilang relihiyon at magkusang ipaliwanag ang iyong relihiyon sa kanila, kung interesado sila. Ipahiwatig mo rin ang iyong pagnanais na makadalo sa kanilang mga serbisyo at imbitahan sila sa iyong mga serbisyo.

_____ 2. Tratuhin sila nang hindi naiiba sa ibang kapitbahay, na hindi iniintindi ang mga pagkakaiba ng inyong mga relihiyon.

_____ 3. Imungkahing lumipat sila sa iyong relihiyon; huwag magpahiwatig ng pagnanais na matutuhan ang kanilang relihiyon.

_____ 4. Pilitin silang magpalit ng relihiyon.

_____ 5. Sabihin sa iyong mga bagong lipat na kapitbahay na umalis dahil baka maimpluwensyahan nila ang komunidad ng kanilang masasamang kagawian.

_____ 6. Sabihin sa iba mong kapitbahay na gawing miserable ang buhay ng bagong lipat na pamilya upang lumipat na lang sila sa ibang komunidad.

_____ 7. Gumamit ng higit na tuwirang aksiyon—pasukin ang kanilang bahay at sirain ang kanilang mga kagamitan, mag-iwan ng patay na daga sa harap ng kanilang pintuan, o gumawa ng iba pang aksiyon.

Upang malaman kung tama ang iyong mga sagot, ihambing ang mga ito sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 39–40. Kung hindi mataas ang iyong iskor, huwag mabahala. Hindi kaagad mababago ng pag-aaral sa modyul na ito ang iyong mga pag-uugali tungo sa ibang taong may ibang relihiyon. Dapat mo itong pagsumikapan sa loob ng mahabang panahon. Tandaan mo lamang ang mga tinalakay sa modyul na ito kung sakaling may makahalubilo kang taong kabilang sa ibang paniniwala.

Kung mataas ang iyong iskor, mabuti! Marami ka nang nalalaman tungkol sa ibang relihiyon. Marunong ka na rin makitungo sa mga taong may ibang paniniwala at kaugaliang panrelihiyon. Ang dapat mo na lang gawin ay ang isabuhay ang mga ito. Isabuhay mo ang lahat ng natutuhan mo sa modyul na ito. Sa pamamagitan nito, kumikilos ka tungo sa pagwawakas ng mga hidwaang panrelihiyon at kung gayon ay makapagdudulot ng kapayapaan sa pagitan ng mga relihiyon at mga tao sa buong daigdig.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan *(pahina 2)*

1. **M** Hindi sumasampalataya kay Mohammed ang mga Muslim; sumasampalataya sila kay Allah. Isa lamang magaling na propeta, at hindi Diyos si Mohammed.
2. **M** Sumusunod ang mga Buddhists sa mga turo ni Buddha, hindi nila ito sinasamba.
3. **M** Kahit na may mga pansariling diyos or diyosa ang mga Hindu, naniniwala rin sila sa isang makapangyarihang puwersa na tinatawag na Brahman.
4. **M** Kahit na sumasampalataya ang mga Kristiyano na si Hesus bilang anak ng Diyos, sumasampalataya rin sila sa Diyos Ama o kay Yahweh. Naniniwala ang mga Katolikong Romano sa tatlong persona ng iisang Diyos, na tinatawag na Holy Trinity na binubuo ng Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo.
5. **T** Sinasabing iisa lamang ang pinanggalingan at naglalaman halos ng magkakatulad na turo ang Koran ng mga Muslim, ang Bibliya ng mga Kristiyano at ang mga banal na kasulatan ng mga Hudyo.
6. **T** May karapatan sa paniniwala at pagpapahayag ng paniniwala ang mga taong may ibang paniniwala kaysa sa iyo. Dapat mo itong laging tandaan upang makaiwas sa hindi pagkakaunawaan.
7. **M** Hindi dapat husgahan ang ibang tao dahilan sa kanilang relihiyon o paniniwala. Paglabag ito sa kanilang karapatan.
8. **T** Kadalasang nag-aaway ang mga tao dahilan sa kanilang di-pagtanggap sa paniniwala ng isa't isa.
9. **T** Maraming hidwaang panrelihiyon sa iba't ibang bahagi ng daigdig ang magpapatunay dito.
10. **T** Personal ang relihiyon dahil may kinalaman ito sa iyong personal na relasyon o pakikipag-ugnayan sa Diyos. Sosyal o panlipunan ito dahil hinihiling nito na makibahagi ka sa mga gawain ng grupo at dahil may kinalaman ito sa mabubuting pakikipag-ugnayan sa iba.

## B. Aralin 1

*Subukan Natin Ito (pahina 4)*



**Buddhist**




**Kristiyano**



**Hudyo o Jew**



**Muslim**



**Hindu**

Nilikha ni Allah ang lahat ng bagay sa daigdig at siya lamang ang gabay ng sangkatauhan. Kung susunod ka sa kagustuhan ng Panginoon, gagantimpalaan ka niya sa kabilang buhay.

Si Brahman ang kataas-taasang espiritu ng sansinukob. Ang iyong mga gawain sa buhay na ito ang magtatakda ng iyong kalalagyan sa susunod na buhay.

Si Hesus ang anak ng nag-iisa at walang kamatayang Diyos. Maaaring mailigtas ang sangkatauhan sa pamamagitan ng pananampalataya, dahil sa muling pagkabuhay ni Hesukristo.

Si Yahweh ang nag-iisang tunay na Diyos. Siya ang gumawa, ang gumagawa at gagawa ng lahat. Mabuhay nang naaayon sa kanyang banal na kagustuhan na nakasaad sa Torah.

Abutin ang liwanag at kalayaan mula sa kamangmangan, pagnanais at pagdurusa sa pamamagitan ng pagninilaynilay at pagbabalik-buhay (reincarnation). Umasa sa iyong sarili upang makamtan ang liwanag.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 7)*


1. Bagong Tipan
2. Adan, Eba
3. 1.7 bilyon
4. Pilipinas
5. tatlo
6. Unang kasalanan
7. Tatlong Persona
8. Muling pagkabuhay o resureksiyon
9. Hesus
10. Diyos

*Magbalik-aral Tayo (pahina 10)*

1. **Mali.** Pakikipagtunggali patungo sa isang marangal na layunin ang ibig sabihin ng Jihad. Hindi ito tumutukoy sa pagkikipag-away sa ibang tao. Sa katunayan, nagtuturo ang Islam ng pagiging maunawain at mapagmahal sa kapayapaan.
2. **Mali.** Naniniwala rin ang mga Muslim sa mga propeta tulad nina Adan, Abraham at Hesus.
3. **Tama.** Ang pagbibigay sa kapwa ang pangatlong pinakamahalagang obligasyon ng bawat Muslim.

   (Maaaring magbigay ang mag-aaral ng iba pang paliwanag, bukod sa mga nakasulat sa itaas.)

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 21–22)*




## C. Aralin 2

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 24)*

Tumutukoy ang tatlong sitwasyon sa mga di-kanais-nais na hidwaan sa pagitan ng mga grupo ng tao. Naimpluwensiyahan ang mga hidwaang ito ng mga pagkakaibang panrelihiyon ng mga grupong ito.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 27)*

1. Mga bulag ang anim na lalaki, kaya hindi nila alam na tinutukoy nila ang iba’t ibang bahagi ng katawan ng elepante. Ang hindi makita ng mga lalaki ay ang katotohanang isang hayop na may iba’t ibang bahagi ang elepante.

2. Kadalasang nag-aaway ang mga taong kabilang sa iba’t ibang relihiyon dahil hindi nila makita na kahit iba-iba ang kanilang mga kaugalian at paniniwala, magkakatulad naman ang kanilang mga layunin. Inilalarawan nila ang iba’t ibang aspeto ng nag-iisang katotohanan. Tandaan mo ang kasabihang Hindu: “Iisa ang Katotohanan, ngunit tinatawag ito ng iba’t ibang paham sa iba’t ibang pangalan.”

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 30–31)*

1. **M** — Kahit magkakatulad ang maraming prinsipyo ng mga iba't ibang relihiyon, labis na nagkakaiba ang paniniwala at kaugalian ng mga ito.
2. **T**
3. **M** — Mangyayari lamang ang makabuluhang pag-uusap sa pagitan ng mga miyembro ng iba't ibang relihiyon kung igagalang ng mga ito ang karapatan ng bawat isa na makapag-pahayag ng sariling paniniwala. Sa halip na subukang iligtas ang isa't isa, dapat nilang tanggapin na naniniwala ang bawat grupo na kabilang sila sa tanging totoong relihiyon at batid nila ang daan tungo sa kaligtasan.
4. **M** — Hindi mo kinakailangang maging miyembro ng ibang relihiyon upang mapanatili ang kapayapaan. Maaari kang magpatuloy sa mga bagay na pinaniniwalaan mo, ngunit kailangan mong pahintulutan rin ang iba na magpatuloy sa kanilang paniniwala. Ito ang landas tungo sa kapayapaan.
5. **T**

## D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 33–34)*

A.

1. Titik **(b)** ang tamang sagot. Ito ang pinakamahalagang turo ni Kristo, ang pagtataguyod ng pagmamahalan, pagpaparaya at pagkakaunawaan.
2. Titik **(a)** ang tamang sagot. Hindi ito kalooban ni Mohammed o ang digmaan na sinusunod ng mga Muslim. Ito ang kalooban ni Allah. Ang pagsunod kay Allah ang pinakamahalagang aspeto ng paniniwalang Muslim.
3. Titik **(c)** ang tamang sagot. Ang isa sa pinakamahalagang aspeto ng paniniwalang Hindu ang ahimsa o ang di-pananakit ng iba. Nabuo ang konseptong ito mula sa paniniwalang Hindu na sagrado ang lahat ng bagay dahil binubuo ng Brahman ang mga ito.
4. Titik **(a)** ang tamang sagot. Nagbibigay-halaga ang mga Hudyo sa mabuting asal, lalo na sa pagsunod sa Utos ng Diyos, katulad ng nakasulat sa banal na kasulatan. Naniniwala sila na ito, higit pa sa paniniwala ang magbibigay-daan tungo sa kaligtasan.
5. Titik **(d)** ang tamang sagot. Hindi landas tungo sa kaligtasan ang Buddha, siya ang guro na gumagabay sa mga Buddhist tungo sa tamang landas. Upang masundan ang landas, kailangang mamulat sa ilusyon ang isang tao.

B. Kung pinili mo…

1. Nakakuha ka ng limang puntos. Nagpapakita ito ng tamang pag-uugali tungo sa mga taong kabilang sa ibang relihiyon. Nakapagtataguyod ng unawaang panrelihiyon sa komunidad ang pag-uugaling ito.
2. Nakakuha ka ng tatlong puntos. Mabuti ang ugaling ito, ngunit sa halip na magkipag-usap, wala kang interes sa ibang relihiyon.
3. Bawasan mo ang iyong iskor ng isang puntos. Nagpapakita ito ng di-pagpaparaya sa ibang relihiyon.
4. Bawasan mo ang iyong iskor ng dalawang puntos. Hindi mabuti ang ugaling ito.
5. Dapat mong bawasan ang iyong iskor ng tatlong puntos. Ito ay seryosong antas ng di-pagpaparaya at maling pakikitungo sa ibang relihiyon.
6. Bawasan mo ang iyong iskor ng apat na puntos. Higit itong nagpapakita ng di-pagpaparaya kaysa sa nakasaad sa blg. 5.
7. Wala kang nakuhang puntos. Ipinapakita nito na di ka nagpaparaya sa ibang relihiyon.

## Talahuluganan

**Anti-Semitism** Galit sa mga Hudyo.

**Dogma** Mga turo o paniniwala na idinidikta bilang katotohanan ng isang nasa posisyon, tulad ng simbahan.

**Karma** Kabuuan ng mabubuti at masasamang asal, pag-iisip at salita ng tao.

**Mitzvot** Ang banal na utos ng Diyos na sinusunod ng mga Hudyo.

**Puja** Isang pamamaraan ng pagsamba ng mga Hudyo sa pamamagitan ng pagdadasal, kantahan o ritwal.

**Koran** Banal na aklat ng mga Muslim.

**Rabi** Ang propeta ng mga Hudyo na nag-aral ng mga batas at kaugaliang Hudyo.

**Reinkarnasyon** Isang ideya na kapag namatay ang tao, patuloy na mabubuhay ang kanyang kaluluwa muling isisilang sa ibang katawan.

**Sabbath** Araw ng pahinga ng mga Hudyo (araw ng Sabado).

**Samsara** Walang saysay na siklo ng pagsilang, buhay, pagkamatay at muling pagsilang.

**Synagogue** Ang sambahan ng mga Hudyo

**Tanakh** Ang banal na aklat ng mga Hudyo

**Vedas** Mga banal na kasulatan ng mga Hindu.

## Sanggunian


Hancock, Landon. 2000. *Northern Ireland: Troubles Brewing*. CAIN Web Service. Abstract at <http://cain.ulsst.ac.uk/othelem/landon.html>. November 2000,date accessed.

Ontario Consultants on Religious Tolerance. 2000. *Religious Hatred, Intolerance and Other "Not So Spiritual" Topics*. <http://www.religioustolerance.org/negative.html>. November2000,date accessed.

Philippine Human Rights Information Center.2000. *Religious Intolerance in Mindanao*. Philippine European Solidarity Center. Abstract at<http://www.philsol.nl/A00a/Minda-PhilRights-Intolerance-jun00.html>. November 2000, date accessed.

"Religion."*Encyclopedia Britannica 1999* (CD).